

Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____
20

Pagpili ng tamang pangngalan

Talâ: pangngalan - *noun*

Panuto: Piliin sa kahon ang pangngalan na bubuo sa pangungusap.

| | | | | |
|-------|--------------|-----------|----------|-----------|
| apo | prinsesa | magulang | pulo | mag-aaral |
| bunso | lolo | doktor | kaibigan | pinsan |
| asawa | probinsiyana | labandera | senadora | lola |
| guro | pamangkin | ate | tita | kusinero |

1. Ang pangalan ng aking ama ay Jose at ang pangalan ng aking ina ay Maria. Sina Jose at Maria ang aking mga _____.
2. Tatlo kaming magkakapatid. Si Julia ang pinakamatanda sa amin. Siya ang aking _____.
3. Si Justine ang pinakabata sa aming magkakapatid. Si Justine ang _____ ng aming pamilya.
4. Magkapatid sina Tatay at Tito Ramon. Si Raffy ang anak ni Tito Ramon. Si Raffy ang aking _____.
5. Ang babae na may mahabang buhok ay asawa ni Tito Ramon. Siya ang aking _____.
6. Si Tricia ay anak ng aking kapatid na si Eric. Si Tricia ay _____ ko.
7. Si Leo ang anak ng aking anak na si Laura. Si Leo ay aking _____.
8. Si Ginoong Teodoro ang ama ng nanay ko. Si Ginoong Teodoro ang _____ ko.

9. Ang babae sa lumang larawan na iyan ay asawa ng lolo ko. Siya ang aking _____.
10. Kinasal kami ni Barbara noong Linggo. Si Barbara ang _____ ko.
11. Si Binibining Rita Gonzalez ang nagtuturo sa amin ng Filipino at *Math*. Siya ang aming _____.
12. Kapag matagal na akong may lagnat o ubo, dinadala ako ni Inay sa klinika ng aming _____.
13. Si Loren Legarda ay miyembro ng Senado. Siya ay isang _____.
14. Ang Pilipinas ay binubuo ng napakaraming _____. Mahigit pitong libo ang bilang ng mga ito.
15. Matagal na kaming magkakilala ni Carla. Lagi kaming magkasama sa paaralan. Si Carla ang pinakamatalik kong _____.
16. Nag-aaral ako sa Paaralan ng Santo Tomas. Ako sy isang _____ doon.
17. Si Aling Nena ay dumarating tuwing Sabado para labhan ang aming mga damit. Siya ang aming _____.
18. Si Manong Romy ay isa sa mga tagaluto sa malaking kainan na iyon. Siya ay isang _____ doon.
19. Lumaki si Amelia sa probinsiya ng Catanduanes. Ngayon lang siya nakapunta sa lungsod. Si Amelia ay isang _____.
20. Si Czarina ay anak ng isang reyna. Si Czarina ay isang _____.